**Maikling Kuwentong Pambata – Filipino Division**

# May Pula

**Synopsis:**

Nearly two years after quitting school, Alfonso is back in a grade two class. He is amazed to be in a classroom again, where all his classmates are younger and smaller than him. His excitement goes on until his seatmate prods him that it's his turn to introduce himself. He needs to say his name and those of his parents and what they do for a living. As he remembers his parents' real names, memories of the last time he heard someone calling his mother's name come back to him. Along comes his recollection of what happened that day, the last time he saw his mother alive.

As he recalls his memory of that day, he has to overcome emotions and trauma that threaten to make him a laughingstock in class. Everyone is waiting for him to say his parents' names, but he can't seem to get himself to say those words. Some children in his class have started to snigger at him, and now his teacher comes to him for the second time. His determination to move on seems the only thing that can save him from further humiliation.

**May Pula**

“Hoy, ikaw na!” sabi ng katabi ko, sabay siko sa kanang braso ko. Abala ako sa pagsipat sa loob ng kuwarto at sa mga kaklase ko. Noon lamang ako nakapasok at nakaupo ulit sa loob ng isang silid-aralan. Halos dalawang taon na din kasi simula noong huminto akong mag-aral.

Malinis at maayos lahat kahit mukhang luma na ang kuwarto. May mahabang pisara sa harapan at bawat isa sa amin ay may upuan at mesa. Ang titser ay pustura ang ayos, naka-lipistik at mamula-mula ang pisngi. Ang mga kaklase ko naman ay maliit sa akin lahat. Kung noon ay lagi akong nasa unahan ng pila, ngayon ay nasa pinakalikod na ako.

“Magpakilala daw at sabihin ang pangalan ng mga magulang.”

“Nanay at tatay?” pabulong kong tanong.

“Oo. Tinatanong pa ba ‘yun?”

“O, sino na ang susunod?” tanong ng titser na unti-unti ay tumayo mula sa upuan nya sa harapan ng silid-aralan.

“Sya po,” sabay turo sa akin ng katabi ko.

Kumakalabog ang dibdib kong tumayo habang nakahawak ang isang kamay ko sa tagiliran ng mesa.

“Anong pangalan mo?” tanong ng titser pagdating nya sa may harap ko.

“Alfonso Cabildo po.”

“Ang mga magulang mo, anong pangalan at ikinabubuhay?”

“Sina... Si…” Inalala ko ang buong pangalan nila Itay at Inay. Kilala sila sa lugar namin bilang Nano at Consing. Naalala ko ang huling pagkakataon na narinig kong tinawag si Inay sa pangalan nyang yun.

"Consing!" dinig kong tawag ni Itay kay Inay habang nakahiga pa ako sa banig sa baba ng nag-iisa naming kama. Sabado iyun ng umaga at walang pasok si Inay sa trabaho nya bilang kahera sa isang malaking tindahan. Si Itay ay nasa bahay din. Madalas ay nasa bahay lamang sya simula noong bumalik sya galing Maynila. Lumalabas lamang sya tuwing pwede syang umekstra bilang kargador ng kopra malapit sa pyer.

"Consing!" muling tawag ni Itay habang nakaupo sa kama. "Nasaan ka ba? Magdala ka nga ng ilaw dito at madilim."

Wala pa kaming kuryente sa bahay noon. Sabi ni Itay ay magpapakabit sya kapag nakaipon sya ng sapat na pera. Hindi na namin kakailanganing gumamit ng gasera o makinuod ng TV sa kapitbahay, sabi nya.

"Ha? Alas syete na, maliwanag na. Gisingin mo na nga yang si Alfonso para makapaghain," sagot ni Inay mula sa labas ng bahay.

Naramdaman kong tumayo si Itay at nagpalakad-lakad sa loob ng kuwarto. Umupo sya ulit sa kama pagkatapos ay nagsimulang magkamot ng ulo, yung para bang nayayamot.

"Kahit na alas syete pa. Madilim dito sa kuwarto kaya magdala ka ng ilaw."

Gumapang ako ng konti mula sa higaan ko para silipin ang sala namin mula sa pintuan ng kuwarto. Maliwanag na nga sa labas, pero tumahimik lamang ako. Ang bilin kasi ni Inay sa amin noong bumalik si Itay galing Maynila ay huwag gagawa o magsasabi ng ikaiinis ni Itay.

Isang taon din si Itay sa Maynila noon. Ang sabi ni Inay ay kailangan nyang lumagi sa isang espesyalistang ospital doon para magpagaling. Lagi kasi nyang kinakausap ang sarili nya noon. May mga nakikita din syang hindi namin nakikita.

Pero noong bumalik sya ay marami na ang nagbago sa kanya. Madali na syang mainis at magalit. May mga ginagawa din syang kakaiba. Isang umaga ay lumabas sya ng kuwarto namin na suot ang puting T-shirt ko, na halos ay mapunit sa pagkakaunat sa dibdib at braso nya. Sa likod nya ay karay karay nya ang backpack ni Ate. "Nasaan ang tsinelas kong pampasok sa eskwelahan?" ang tanong nya kay Inay. Humagalpak kami ni Ate sa tawa, kaya sermon ang inabot namin kay Inay.

"Alfonso, magsasalita ka ba?" tanong ng titser. Nakatayo pa rin sya sa harap ko. "May mga kaklase ka pa na magpapakilala."

“Ang mga magulang ko po ay sina…sina…si…si”

“Baka Sina Sina at Si Si ang pangalan ng mga magulang nya!” hirit ng isang kaklase ko sa likod. Sinundan ito ng malakas na “Ha ha ha!” ng iba. “Kaya pala bumalik sa grade two!” sabi naman ng isa.

Sinenyasan ako ng titser na magpatuloy magsalita.

"Ang mga magulang ko po ay sina... sina Hernano at... at..."

"Concepcion!" muling tawag ni Itay. Malalim at galit na ang boses nito. "Nasaan ka? Sinabi kong magdala ka ng ilaw at madilim!"

Hindi sumagot si Inay. Tahimik sa sala at labas ng bahay. Kalaunan ay nalaman kong sinundo nya si Ate sa bahay ni Lola Sayong malapit sa amin. Sinasamahan kasi ni Ate si Lola

noon habang wala pa syang kasama sa bahay.

Dali-dali akong bumangon at binuksan ang bintana sa kuwarto para hindi lalong magalit si Itay.

"Sino ka? Anong ginagawa mo dito?" pagulat na tanong nya mula sa kama.

Gulat at takot ang naramdaman ko noong sandaling iyun. Nagbibiro lamang si Itay, pilit kong sinabi sa sarili ko. Pero bigla syang tumayo at lumapit sa akin. Hindi ako nakakilos sa kinatatayuan ko. Naramdaman ko na lamang ang kamay nya sa braso ko. Sinubukan kong hilahin ang braso ko, pero mahigpit ang pagkakahawak ni Itay dito.

"Sino ka? Sino ang nagpadala sa 'yo dito?" tanong nya, sabay hila sa akin.

"Si Alfonso po ako, Itay," sagot ko habang nakakapit ng mahigpit sa pasimano ng bintana.

"Wala akong kilalang Alfonso!" paulit-ulit na sabi ni Itay. Iyak na lamang ang nagawa ko habang pinipilit kong makawala sa hawak nya.

Mayamaya pa ay narinig ko ang tawag ni Inay. Patakbo syang pumasok sa kuwarto nang marinig nya ang iyak ko.

"Anong nangyayari dito?" humahangos nyang tanong. Dali-dali nyang hinawakan si Itay para bitawan ako at para pakalmahin ito. Ngunit hinigpitan lalo ni Itay ang hawak sa akin at sinubukan akong hilahin palabas ng kuwarto.

Hindi ko na maalala kung ano ang ginawa ni Inay, pero bigla akong binitawan ni Itay. Tumakbo ako sa isang sulok ng kuwarto para magtago. Sa tambakan ng maruruming damit namin ay doon ko isiniksik ang sarili ko pati na ang mukha ko. Doon ay narinig ko ang

pagkakagulo nila Inay at Itay, kasama na rin si Ate. Kalabog, hiyaw, sigaw. Kalabog, hiyaw, sigaw.

Narinig ko ang mga yabag ni Itay palabas ng kuwarto. Mayamaya ay bumalik sya at sumisigaw ng, “Demonyo, demonyo!” Bawat sigaw ay sinundan ng paghampas at paglapat ng kung anong hawak nya.

Tinakpan ko ang mga tenga ko ng nanginginig kong mga kamay. Pagkatapos ay ipinikit ko ang mga mata ko hanggang sa wala na akong makita. Wala, wala, walang dapat ikatakot, ang sabi ko sa sarili ko. Panaginip, panaginip lamang lahat.

“Huwag, huwag!” ang impit na pagsigaw ni Inay.

Si Inay, si Inay, ang iyak ko sa sarili. O di kaya si Ate. Hindi, hindi. Malamang nagbibiro lamang si Itay. Si Inay. Hindi ko na marinig ang sigaw ni Inay. Narinig ko si Ate na sumisigaw at humahangos palabas ng kuwarto. Si Inay. Nasaan si Inay? Dahan dahan kong binuksan ang mga mata ko at sinilip sina Itay at Inay. Hindi ko makita ang Inay. Si Itay ay wala na din sa kuwarto. May pula, may pula! May pula sa sahig ng kuwarto!

“Inay, Inay!” ang tawag ko mula sa sulok. “Inay, nasaan ka na?” Pero walang sagot. Walang ingay. Wala ang matinis na boses ni Inay. Sinulyapan kong muli ang sahig ng kuwarto namin. May pula! Mabilis kong ipinikit ang mga mata ko hanggang itim na muli ang nakikita ko.

"O, Alfonso," sabi ng titser habang palapit sya sa akin, "ikaw na lang ang hindi nakakapagpakilala."

May mga ngisngis akong narinig habang patayo ako. "Uutal-utal na naman 'yan," dinig kong sabi sa may likod ko. "Ang mga magulang ko ay sina... sina... si... si..." hirit naman ng isa.

Sinundan ito ng mabilis na halakhakan.

Kumalabog ang dibdib ko, ngunit pilit kong inalala ang kailangan kong sabihin. Inalala ko rin ang pangako ko kay Lola Sayong, na pagbubutihin ko ang pag-aaral. Ayaw na nyang maulit ang nangyari noon, sabi nya sa akin bago ako pumasok. Huminto kasi ako sa grade two noon. Ayaw ko nang pumasok simula noong mawala si Inay. Umaalis ako ng bahay sa umaga, pero hindi ako pumapasok sa klase. Tumitigil lamang ako sa plasa malapit sa eskwelahan. Minsan naman ay pumupunta ako sa pyer para panoorin ang mga parating at paalis na barko at bangka. Nalaman na lang ni Lola ang gawain ko noong pinatawag sya ng titser ko noon. At dahil hindi nya ako mapilit na pumasok ulit, pumayag na lamang syang huminto ako.

"Ako po si Alfonso. Sina Hernano Cabildo at Concepcion Cabildo ang mga magulang ko. Wala na po ang Inay ko at ang Itay ko ay nasa isang ospital sa Maynila."

"Sino ang nag-aalaga sa 'yo at kasama mo sa bahay?" tanong ng titser.

"Kasama ko po si Lola at ang Ate ko."

"Kawawang bata pala ito," sabi ng titser habang nakatingin sa akin ng malumanay. Pagkatapos ay sinabihan nya ang mga kaklase ko na huwag akong pagtawanan, na dapat ay kaawaan nila ako.

Gumaan ang pakiramdam ko. Sa wakas kasi ay natapos din ang pagpapakilala ko. Pero hindi ako mapakali dahil sa sinabi ng titser. Naalala ko kasi ang laging sinasabi ni Lola sa amin ni Ate.

"Maayos naman po kami ni Ate, ma'am," ang lakas-loob kong sabi. "Hindi daw po kami dapat kaawaan o maawa sa sarili, sabi ni Lola. Basta magkasama daw po kami ni Ate at lagi naming susundin ang mga bilin ni Inay dati, magiging maayos daw po kami."

Tumungo sya at marahan akong tinapik sa ulo. Pagkatapos ay ngumiti sya sa akin ng matamis at masaya, yung para bang ngiti ng Inay ko sa akin noon.